Pangalan: ____________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Parabula**

**I. PANUTO:** Isulat ang **T** sa patlang kung ang pahayag ay tama at **M** kung mali ang pahayag.

_____ 1. Ang parabula ay binubuo ng mga hayop na gumaganap bilang tauhan.

_____ 2. Ang mga parabula ay mga kuwentong mababasa sa Bibliya na nagtataglay ng matatalinghagang pahayag.

_____ 3. Tungkol sa pananampalataya ang ipinangangaral ng parabula.

_____ 4. Ang mga parabula ay pawang kathang-isip lamang.

_____ 5. Binubuo ang parabula ng sukat at tugma.

**II. PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang parabula sa ibaba pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

**Ang Pariseo at Maniningil ng Buwis**
(Lukas 18:9−14)

May ilang nagtiwala sa kanilang mga sarili na sila ay matuwid at hinamak nila ang iba. Sa kanila ay sinabi rin ni Jesus ang talinghagang ito.

Dalawang lalaki ang umahon sa templo upang manalangin. Ang isa ay Pariseo at ang isa ay maniningil ng buwis. Tumayo ang Pariseo at nanalangin siya sa kaniyang sarili ng ganito: "Diyos, pinasasalamatan kita na hindi ako katulad ng ibang tao. Hindi ako katulad nila na mga mangingikil, mga hindi matuwid, at mga mangangalunya. Hindi rin ako katulad ng maniningil ng buwis na ito. Dalawang ulit akong nag-aayuno sa loob ng isang linggo. Nagbibigay ako ng ikapu sa lahat ng bagay na aking tinatangkilik."

Ngunit ang maniningil ng buwis na nakatayo sa malayo ay hindi man lamang niya itinataas ang kaniyang paningin sa langit, sa halip ay kaniyang binabayo ang kaniyang dibdib. Sinabi niya: "Diyos, pagkalooban mo ako ng iyong habag, ako na isang makasalanan."

Sinasabi ko sa inyo: "Ang taong ito ay umuwi sa kaniyang bahay na palagingmatuwid at ang isa ay hindi. Ito ay sapagkat ang bawat isang nagtataas ng kaniyang sarili ay ibababa, at ang bawat isang nagpapakumbaba ay itataas."

_____ 6. May ilang mga nagtitiwala sa kanilang sarili na sila ay matuwid.
a. Mayroong mga naniniwala sa kanilang sarili na sila ang tama.
b. Mayroong mga naniniwalang tama sila sa lahat ng pagkakataon.
c. May katuwiran ang mga nagtitiwala sa kanilang sarili.
d. Mayroong mga naniniwalang mahalaga ang maging matuwid.

_____ 7. Dalawang lalaki ang umahon sa templo upang manalangin.
a. May dalawang lalaki na umakyat sa templo upang manalangin.
b. May dalawang lalaking pumasok sa templo upang manalangin.
c. May dalawang lalaking nakipagsapalaran sa templo upang manalangin.
d. May dalawang lalaking nagtagpo sa templo para manalangin.

_____ 8. Hindi man lamang niya itinaas ang kaniyang paningin sa langit.
a. Hindi man lamang niya nakita ang langit.
b. Hindi man lamang niya napansin ang mga ulap sa langit.
c. Hindi man lamang siya tumingala sa langit.
d. Hindi man lamang niya napansin kung gaano kataas ang langit.

_____ 9. Pagkalooban Mo ako ng Iyong habag, ako na isang makasalanan.
   a. Nagmamakaawa siya na siya ay kahabagan kahit siya ay makasalanan.
   b. Hinihiling niyang pagkalooban pa siya ng biyaya kahit siya ay makasalanan.
   c. Nakikiusap siya na huwag hadlangan ang kalooban ng tulad niyang makasalanan.
   d. Sinisiguro niyang alam ng kausap ang kaniyang kalooban sa kabila ng kaniyang pagkakasala.

_____ 10. Ang ibang buto ay nahulog sa matabang lupa.
   a. Napunta ang buto sa lupang nilagyan ng pataba.
   b. Umusbong agad ang mga binhi.
   c. Ang salita ng Diyos ay tinanggap ng mga taong tunay na nananalig sa Kaniya.
   d. Ang salita ng Diyos ay biglang nagkatotoo.